# CHURCH PEOPLE - WORKERS SOLIDARITY

**Human Dignity * Common Good**

***"Church People and Workers in Solidarity, Reclaim the Dignity of Human Work!"***

**Church People-Workers SOLIDARITY**
Room 106, CICM Guest House Building
No. 60, 14th Street, New Manila, Quezon City
Telefax no.  (02) 584-3190
Mobile: 0922.386.3594; 0946.468.9826
Email Address: churchfortheworkers@gmail.com

# Praymer hinggil sa Pork Barrel



***Inilathala ng***
***Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER)***
***Setyembre 2013***

***Muling Inilimbag ng***
***Chruch People—Workers Solidarity (CWS)***

## 1) Ano ang pork barrel? Anu-ano ang mga porma nito?

Ang pork barrel ay tumutukoy sa anumang pampublikong pondo sa gobyerno na inilaan sa partikular na pulitiko o opisyal nang walang depinidong paggagastusan. Ibig sabihin, depende sa personal na kagustuhan ng pulitiko/ upisyal kung saan niya gagastusin ang alokasyon (“discretionary”). May pork barrel para sa mga mambabatas (senador at congressman), mga departamento at government-owned and controlled corporations (GOCC), at maging sa bise-presidente at presidente ng Pilipinas. Ang Priority Development Assistance Fund o PDAF ang pinaka-kilalang porma ng pork. Ito ang alokasyon sa mga kongresista at senador na bahagi ng taunang badyet na inaaprubahan ng Pangulo.

May mga pork barrel din na hindi kasama sa isinasalang sa Kongreso at Senado bilang bahagi ng taunang badyet o iyong tinatawag na “off-budget funds” tulad ng President’s Social Fund (PSF). Bagama’t ina-audit ang tipo ng pork barrel na ito, hindi pinapalaganap ang resulta ng audit at kalimita’y inaabot ng apat o limang taon bago ilabas ang audit report. May mga pork barrel din na sadyang hindi dumadaan sa pag-audit ng gobyerno, tulad ng intelligence funds para sa paniniktik sa mga hinihinalang komunista na inilalaan sa halos lahat ng upisyal ng gobyerno, mula Pangulo hanggang sa alkalde ng munisipalidad.

Malaking bahagi ng pork barrel ay galing sa buwis na ibinabayad ng mga manggagawa at mamamayan – mula sa kaltas sa sahod hanggang sa buwis na ipinapataw sa mga bilihin sa porma ng E-VAT. Bukod sa buwis, maaring mang-



mga dekalidad na pampublikong paaralan, mas episyenteng sistema ng transportasyon sa mga syudad, panimulang batayan ng pagtatayo ng pambansang industriya, at pagkamit ng tunay na repormang agraryo. Ito ang tipo ng kaunlarang hindi kailanman makakamit sa ilalim ng programang pork barrel. Makakamit lamang ito sa sama-samang pagpapabusara ng pork barrel at pagtatayo ng isang bagong lipunang nagtataguyod ng interes at kagalingan ng mga manggagawa at mamamayan – isang lipunang hangad ang pambansang industriyalisasyon at tunay na repormang agraryo.

***Ibasura ang pork barrel ni Aquino!***
***Ibasura ang lahat ng pork barrel!***
***Labanan ang korupsyon sa gobyernong Aquino!***
***Ibagsak ang burukrata-kapitalismo!***
***Makibaka para sa tunay na kaunlaran!***
***Makibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya!***



nauna bilang naglilingkod sa imperyalismo at mga lokal na naghaharing uri.

Kung gayon, isang matinding pampulitikang laban ang pagbabasura ng pork barrel. May pangangailangan na pangunahan ng mga manggagawa ang paglalantad sa burukrata kapitalismo at ang papel ng imperyalismo sa pagtataguyod nito. May pangangailangang makipagkaisa sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan para ipanawagan ang pagbasura sa pork barrel sa pamamagitan ng at masaklaw na gawaing edukasyon at mas malalaking pampulitikang aksyon. Kailangang kumilos at ituloy ang momentum na hatid ng "Million People March" noong Agosto 26 laban sa pork barrel hangga't hindi ganap na ibinabasura ang sistemang pork barrel.

## 7) Ano ang alternatibo sa sistemang pork barrel?

Nararapat na ilaan sa mga programang pambansang kaunlaran ang trilyun-trilyong pondo ng manggagawa at mamamayan sa halip na ilaan sa pork barrel ng iilan. Kailangang isentro ang pondo para sa komprehensibong pagpapaunlad ng serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan, edukasyon, at pampublikong transportasyon, sa halip na idaan sa kamay ng mga burukrata kapitalista. Higit pa diyan, marapat gamitin ang pondo ng sam-bayanan sa pagpapaunlad sa agrikultura at industriya, pangunahin sa pagtulong sa mga magsasaka sa balangkas ng tunay na reporma sa lupa. Isang bahagi diyan ang mekanisasyon ng pagsasaka at paglalatag ng ng batayan para sa pambansang industriya.

Ang dambuhalang pondong nilulustay sa sistemang pork barrel taun-taon ay maaring nagbunga na ng maraming pampublikong ospital na may sapat na kagamitan, abot-kayang matrikula sa



galing din ito sa kita ng mga government – owned and – controlled corporations (GOCC) ng gobyerno tulad ng PAGCOR – na mga pondo ng gobyerno at sa gayon ng mga manggagawa at mamamayan.


Sa kasalukuyan, may P200 milyon na PDAF ang bawat senador kada taon, samantalang P70 milyon naman ang PDAF ng mga miyembro ng Kongreso kasama ang mga party-list. Tinatayang nasa mahigit P25 bilyon kada taon ang inilalaang pork barrel sa lehislatura na inaaprubahan ng Pangulo.

Para makakuha ng pork barrel ang mga mambabatas, nagsusumite sila ng listahan ng mga proyekto sa Department of Budget Management (DBM) na nasa ilalim ng mandato ng Pangulo. Matapos na aprubahan ang mga panukalang proyekto, mag-iisyu ang DBM ng Special Allotment Release Order (SARO). Para sa mga proyektong pang-imprastraktura, ang SARO ang magiging batayan para simulan ang bidding. Matapos nito ay maglalabas ang DBM ng Notice of Cash Allocation bilang pruweba ng bayad sa konstruksyon. Para naman sa mga "soft projects" tulad ng tulong medikal, may binubuong kasunduan ang mambabatas at pampublikong ospital para garantiyahan ang pagbibigay ng atensyong medikal sa mga tinukoy na pasyente. Anu't anupaman, may basbas ng DBM at ng Pangulo ang mga proyektong pinopondohan gamit ang PDAF.

Sa implementasyon ng proyekto, may kalayang pumili ang mga mambabatas ng mga NGO na makakatuwang nito, bagama't walang nakasaad sa batas na nagpapahintulot ng paglalaan ng pork barrel para sa mga NGO. Dito na pumapasok ang maniobra para iimbudo ang PDAF sa illang pekeng NGO na may "ghost projects" o kaya iyong mga NGO

na mga mambabatas mismo ang nagtatag.

**Iba pang porma ng pork**




Subalit hindi lang PDAF ang porma ng pork barrel. Sa katunayan, higit na malaki ang pork barrel ng Pangulo. Kabilang sa pork barrel ng Pangulo ang Special Purpose Funds (SPF), President's Social Fund (PSF), at Malampaya Gas Funds. Sa ilang pagtataya, aabot sa mahigit P1.3 trilyon ang "presidential pork barrel" ni Noynoy Aquino sa 2014 na mahigit kalahati ng pambansang badyet para sa taong 2014 na aabot sa P2.26 trilyon.

- Special Purpose Fund (SPF) – pondo mula sa buwis ng mga mamamayan na bahagi ito ng taunang badyet na sinusuri ng Kongreso. Subalit *lump sum* ito o hindi naka-partikularisa sa kung anu-ano ang paggagastusan. Karaniwang bahagi ng SPF ang calamity/ emergency funds at *life insurance premium* para sa mga upisyal ng gobyerno. Sa inihaing 2014 national budget, tumataginting na **P449 bilyon** ang nakalaan para sa SPF na ilang ulit na mas malaki kaysa sa



ng tipo ng pork barrel sa gobyerno dahil nagsisilbi ang pork barrel sa interes ng imperyalismong US at mga lokal na papet nito. Lantarang pandarambong ang sistemang pork barrel ng pondong iniluwal ng paghihirap ng mga manggagawa at mamamayan – na ginagamit lang ng iilan para magpakasasa at ituloy ang marangyang pamumuhay. Sa halip na gamitin ang buwis sa ating kita at lahat ng produktong pangkonsumo para sa tunay na kaunlaran ng bayan, ginagamit ito para panatilihing atrasado ang ating kabuhayan habang ang iilan ang lalong nagpapayaman. Nararapat na tuldukan ang kawalang-katarungan at pambababoy na ito.

Walang paraan para pabutihin ang sistemang pork barrel gaya ng ipinapalaganap ng mga repormista dahil likas sa sistema ang anti-mamamayan at anti-kaunlarang katangian nito. Hangga't may pork barrel, patuloy sa paglikha ng ilusyon ang gobyerno na natutugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan habang inilalarga ang pribatisasyon ng mga serbisyong panlipunan. Kahit anupaman ang itawag sa pork barrel, tuloy ang ligaya ng mga burukrata-kapitalista. At hangga't nanatili ang pagkubabaw ng imperyalistang US sa ekonomiya at pulitika ng bansa, mananatili ang sistemang pork barrel sa burukrasya. Pinatunayan ng kasaysayan na nagsisilbing panlangis ang pork barrel para swabeng ipinatupad ng mga korap na pulitiko ang mga patakarang nagsisilbi sa dayuhan.

Kailangang igiit ang panawagang ito dahil makakapag-ambag ito sa ibayong pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang manggagawa at mamamayan para sa sahod, trabaho at karapatan at tunay na pagbabagong panlipunan. Sa pamamagitan ng isyung ito, nalalantad ang buong naghaharing sistema at ang rehimeng Aquino na siyang nagtataguyod sa

rin na humingi umano ang Liberal Party kay Napoles ng kontribusyon para sa kandidatura ng Team PNOY nitong nakaraang midterm election.

Gustong palabasin ng Palasyo at mga kasapakat nito na si Napoles ang prime suspect at mastermind sa pork barrel scam.

Layunin nilang ibaling ang atensyon at galit ng publiko kay Napoles sa kabila ng lumalakas na panawagan ng mamamayan para sa pagbasura ng pork barrel. Subalit malinaw na isang maliit na bahagi lang siya sa pork barrel "mafia".

Malinaw na maraming koneksyon si Napoles sa mga nakaupong kongresista at senador, subalit ni isa sa kanila ay hindi pa kinakasuhan o iniimbestigahan. Gustong matabunan ni Aquino ang sentral na isyu ng pork barrel at masentro lang ang usapin sa pagpapanagot kay Napoles.

Higit na desperado ang rehimeng Noynoy Aquino na pagtakpan ang bangkarote niyang islogang "Daang Matuwid" sa harap ng kumukulong galit ng manggagawa at mamamayan laban sa pork barrel. Ipinipilit ni Noynoy ang propagandang kasama siya ng mamamayan sa paghahanap ng katotohan kahit pa tahasan niyang tinitira sa kabilang banda ang mga organisador ng mga nakaraang pagkilos kontra pork barrel. Asahan pa ang mga mas desperadong hakbangin ng Palasyo para pahupain ang galit ng mga manggagawa at mamamayan

## 6) Bakit kailangang igiit ng mga obrero at mamamayan ang panawagang pagbasura sa sistemang pork barrel?

Kailangang igiit ng obrero ang panawagang pagbasura sa lahat



PDAF

- President's Social Fund (PSF) – pondo mula sa kita ng ilang GOCC tulad ng PAGCOR na ginagamit bilang tulong pinansyal sa mga pamilya ng sundalo at kapulisan. Hindi ito bahagi ng taunang badyet na isinasalang sa Kongreso, at wala itong depinidong halaga. Kung kita pa lang ng PAGCOR ang pag-uusapan, umabot ito sa P5.256 bilyon noong 2012.
- Malampaya Gas Funds – pondo mula sa kita at buwis ng Malampaya Natural Gas field sa West Philippine Sea. Kasosyo ang gobyerno ng mga pribadong kumpanya ng langis sa operasyon nito. Mula 2002 hanggang 2013, umabot sa mahigit P165 bilyon ang remitans sa gobyerno mula Malampaya, o nasa P13.75 bilyon na kita taun-taon. Walang malinaw na *audit* ng pondo na ito.

Iginigiit ni Noynoy Aquino na hindi pork barrel ang PSF at iba pang discretionary funds ng Pangulo dahil umano hindi ito galing sa buwis ng mamamayan. Subalit malinaw na anumang pampublikong pondo ay dapat na tiyaking nasusuri at nailalaan pabalik sa mamamayan. Malinaw sa depensa ni Aquino na gusto niyang panatilihin ang pagpapasya sa kung papaano gagamitin ang bilyun-bilyon, at posibleng trilyun-trilyong, pondo ng mamamayan.

## 2) Kailan nagsimulang ipatupad ang sistemang pork barrel?

Nagsimulang ipatupad ang sistemang pork barrel sa ilalim ng kolonyal na paghahari ng Amerika sa bansa. Sa panahong ito, binigyan ng alokasyong pork barrel ang mga mambabatas na nagtataguyod ng interes ng mga dayuhang kumpanya at malalaking pribadong negosyo, bukod sa pagtitiyak ng

kanilang pusisyon sa burukrasya. Dahil dito, naging kasangkapan ang pork barrel para tiyakin ang katapatan sa imperyalismong US ng mga Pilipinong may pwesto sa gobyerno – na pawang mula sa mga naghaharing uri sa bansa, sa malalaking panginoong maylupa at burges-komprador. Bunga nito, pinatakbong parang negosyo ang gobyerno na may malinaw na diin sa pagprotekta sa pribadong akumulasyon ng kapital – ito ang burukrata-kapitalismo. Pinasahol ng sistemang pork barrel sa pahanon ng kolonyalismong US ang patronage politics o pagtangkilik sa isang patron kapalit ng pabor na itinanim ng kolonyalistang Espanyol, kung saan binibigyan ng pusisyon sa gobyerno ang mga kontra-rebolusyonaryong Pilipino bilang pabuya sa kanilang katapatan sa Espanya.

Ipinagpatuloy ang iskemang ito ng mga sumunod na Pilipinong presidente at mambabatas, na pawang nakinabang sa bilyun-bilyong pera ng sambayanan. Ginamit ang pork barrel ng Pangulo para tiyakin ang pagpapatupad ng mga maka -imperyalista at maka-naghaharing uring patakaran sa pakikipagsabwatan ng Kongreso at Senado. Samantala, nilulustay naman ng mga upisyal ng gobyerno ang pork barrel para tustusan ang maluhong pamumuhay at ang panunuhol sa mga sangay ng gobyerno kabilang ang korte. Ang natitirang pondo ay ginagamit para tiyakin ang pagkapanalo sa susunod na halalan gamit ang mga proyektong pang-akit sa mga botante. Sa madaling salita, ang pork barrel ay ang pondo na mula sa manggagawa at mamamayan na nilulustay para sa swabeng pamumuno ng mga reaksyonaryong upisyal ng gobyerno.

Naging matingkad ang pag-abuso sa pork barrel sa ilalim ng diktadurang Marcos kung saan walang sistema ng audit at kara



Nasa mahigit isang trilyon ang kanyang pork barrel taun-taon na tanging siya lang ang may kapasyahan kung paano gagastusin. Ginagamit niya itong pampadulas sa mga alyadong mambabatas at lokal na upisyal para isulong ang mga anti-mamamayang patakaran, gayundin para tiyakin ang katapatan ng sandatahang lakas at pulisya sa kanya sa pamamagitan ng multi-milyong programang pabahay at suporta sa kanilang mga pamilya. Maari ring ginamit ni Noynoy ang kanyang pork barrel sa pangangampanya para ipanalo ang mga alyadong senador, kongresista at lokal na upisyal nitong 2013 midterm eleksyon. Tiyak, nag-iipon na siya at kanyang kapartido para sa eleksyong 2016.

Hindi totoo ang pahayag ni Noynoy noong Agosto 23 na ibinabasura na ang PDAF o pork barrel ng mga mambabatas. Ang totoo ay mananatili ang bilyun-bilyong alokasyon na pork para sa mga mambabatas batay sa panukalang badyet sa susunod na taon, bagama't hindi na ito tatawaging PDAF at hindi na *lump sum* o bultuhan na pondo. May ilan lang ding ipinagbawal na "soft projects" at "temporary infrastructure" tulad ng pondo para sa abono, pagpapa-aspalto at konstruksyon ng waiting shed pero nanatili ang karamihan sa "pork barrel menu" gaya ng nakalista sa itaas. Kaalinsabay ng pagsasabing buwagin ang PDAF, ipinagtanggol ni Aquino ang sistemang pork barrel sa palusot na pamamaraan ito para maghatid ng serbisyo sa mga mamamayan.

Unti-unting nalalantad ang pagkasangkot ni Noynoy Aquino sa pangungurakot sa pondo ng mamamayan. Kamakailan lang, naiulat na tinanggal ni Aquino sa pwesto si Brian Yamsuan, ang taga-payo ni Executive Secretary Paquito Ochoa Jr. dahil umano sa ugnayan nito kay Napoles. Subalit matapos nito ay walang naging imbestigasyon kay Yamsuan. May ilang balita

mamamayan. Binibigyang batayan ng mga pekeng programang pangkaunlaran ang neoliberal na opensiba para isapribado ang edukasyon, mga pampublikong ospital at iba pang serbisyong panlipunan na pawang pabor sa mga kapital. Umaayon ang disensyo ng pork barrel sa pagpapanatiling napakaliit ng alokasyon sa pambansang programang pangkaunlaran at sentralisadong serbisyong panlipunan. Sa ilalim ng sistemang pork barrel, kalat-kalat ang limos ng gobyerno sa mamamayan para mapagtakpan ang pag-abandona ng estado sa responsibilidad nito sa mamamayan. Susi ang papel ng mga repormistang lokal at internasyunal na NGO para maisakatuparan ang ganitong panlilinlang sa mamamayan sa pamamagitan ng mga ibinibidang "success stories" o case studies.

Sa ganitong pambababoy sa mamamayan, hindi nakapagtataka na magsusulputan ang samu't saring NGO sa bansa gaya ng mga pekeng NGO na kinokontrol ni Janet Lim-Napoles, ang negosyanteng sangkot sa pangungurakot ng P10-bilyon pork barrel ng mga mambabatas noong nakaraang dekada. Sa ak-twal, matagal nang may mga tulad ni Napoles na kakutsaba ng mga mambabatas para kurakutin ang pera ng mamamayan.

## 5) Bakit ayaw ibasura ni Noynoy ang sistemang pork barrel?

Ayaw ibasura ni Noynoy Aquino ang sistemang pork barrel sa kabila ng malakas na panawagang pagpapabasura dito dahil siya mismo ang pangunahing nakikinabang sa pork barrel at naglilingkod ito sa interes ng imperyalismong US na kanyang amo at sa mga lokal na naghaharing uri sa bansa na kanyang kinakatawan.



-karakang inaaprubahan ng Kongreso ang taunang badyet. Sa kabila ng kabulukan ng sistema, ipinagpatuloy ang pork barrel sa ilalim ng rehimeng Cory Aquino at pinangalanan itong Countrywide Development Fund (CDF). Dahil sa naisiwalat na malawakang pangungurakot ng CDF sa ilalim ng rehimeng Ramos, pinalitan ang tawag sa pork barrel ng Kongreso at ginawang PDAF. Nagpatuloy ang pangungurakot sa pork barrel sa ilalim nina Estrada at Arroyo. Malinaw na nagpalit lang ang pangalan at mukha ng mga Pangulo subalit nanatili ang sistematikong pandarambong ng pera ng mamamayan sa ilalim ng sistemang pork barrel. Sa loob ng mahabang kasaysayan ng pag-abuso sa pork barrel, wala kahit isang korap na opisyal ang nahatulan at napanagot sa pagnanakaw sa kaban ng yaman ng bansa.

## 3) Ano ang klase ng mga proyektong pinopondohan sa ilalim ng pork barrel system?

Sa pangunahin, ang mga proyektong pinopondohan sa ilalim ng pork barrel system ay mga palusot at pantabing lamang para sa korupsyon ng mga pulitiko, pangunahin ang pangulo ng Pilipinas. Pinakamalaking bahagi ng pork barrel ang napupunta sa korupsyon ng mga pulitiko, at maliit na bahagi lamang ang napupunta sa aktwal na pagpapatupad ng mga proyektong umano'y pinopondohan. Marami sa mga proyektong ito ay "ghost projects" lamang.

At kahit ipatupad ang mga proyektong ito, pabor sa pagpapanatili ng kronikong krisis ng mamamayang Pilipino – kahit pa ibinibida ito ng gobyernong Aquino bilang mga programang pangkaunlaran. Sa pinakamainam, ang "pork barrel menu" ng mga proyekto ay karaniwang tumutugon sa mga kagyat lang na pangangailangan ng mamamayan habang

binibigyang-batayan sa pangmatagalan ang pribatisasyon ng serbisyong panlipunan at pagtatayo ng samu't saring imprastrakturang pabor lang sa mga pribadong kontraktor.

Halos pare-pareho ang mga klase ng proyekto na pinopondohan sa ilalim ng pork barrel system. Karaniwang may "pork barrel menu" ang DBM taun-taon kung saan pipili ang mga mambabatas. Kabilang sa menu ang mga sumusunod:

- Scholarships
- Tulong medikal sa mga natukoy na indigents o mahihirap na pasyente
- Livelihood programs
- Konstruksyon ng patubig sa komunidad at irigasyon
- Konstruksyon ng tulay, kalsada, eskwelahan, ospital
- Konstruksyon ng "farm-to-market roads"
- Konstruksyon ng multi-purpose buildings at covered courts
- Pagbili ng firetruck

Bagama't may kagyat na pakinabang ang ilan sa mga proyekto, karaniwang ginagamit na sangkalan ang samu't saring proyektong ito para ipatupad ang mga anti-mamamayang patakaran. Halimbawa, karaniwang ginagamit na palusot ang mga scholarship programs para ipatupad ang kaltas sa badyet ng mga state universities and colleges (SUCs) at ang pagtataas ng matrikula. Ginagamit na palusot ang mga medical assistance programs para itulak ang pribatisasyon ng mga pampublikong ospital. Sa huli't huli, ang mga manggagawa at mamamayan ang magdurusa sa ilalim ng ganitong sistema.

## 4) Sinu-sino ang nakikinabang sa pork barrel?

Ang mga pulitiko at mga ka-sosyo nilang non-government organizations (NGOs) at pribadong kontraktor ang






pangunahing nakikinabang sa sistemang pork barrel. Sila ang may pinakamalaking kurakot sa mga proyektong pinopondohan ng pork barrel na karaniwan pa nga'y walang implementasyon o "ghost projects" lang. Kung sakali mang may aktwal na proyekto, mumo lang ang nakaabot na pondo sa mga manggagawa at mamamayan bukod sa wala sa balangkas ng komprehensibong pag-unlad ang mga proyektong ito.

Sa ganitong kaayusan, nakikinabang din ang imperyalismong US at mga naghaharing uring burges-komprador at panginoong maylupa, dahil natitiyak nilang mga patakaran at hakbanging pabor sa kanila ang ipapatupad ng gobyerno. Ang sistema ng burukrata-kapitalismo ay paraan para bigyang-premyo ang mga burukrata-kapitalista sa gobyerno sa pagtataguyod sa pagsasamantala at pandarahas ng mga naghaharing ito sa ating lipunan. Sa pamamagitan ng pork barrel, natitiyak ng imperyalismong US ang swabeng pamamahala ng mala-kolonyal na estado.

Bukod pa diyan, pinapanatili ng mga pork barrel projects ang ilusyon ng kaunlaran sa kabila ng kaliwa't kanang atake sa sahod, trabaho at karapatan ng mga manggagawa at